American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN: 2378-703X
Volume-4, Issue-7, pp-135-150
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Isyung Panlipunan sa mga Piling Pelikulang Pilipino

Dr. Rowena C. Largo
*Cebu Normal University, Cebu City, Philippines*

**ABSTRACT:** Filipino movies are important because they introduce the social isues that continue affecting the country, these are particular thing that bind the Filipino people, and these serve as instrument to awaken the awareness of the Filipino about the true face of the society. The purpose of this is to evaluate selected Filipono movies to show the skills, importance and significance. Using the " Descriptive Research Method ", the right content information needed by evaluating the content ( Content Analysis) is used to investigate the chosen Filipino movies. The result of the study shows that the five movies clearly displayed the moral and the effect of the movies and that, the effects of the movies to the audience that leave additional knowledge and change the point of views. The Filipino movies are effective instruments that challenge the learners' knowledge, skills, communication that guide them in solving problem in the family and in the society.

**Keywords:** movie, values, evaluate, issue, effect of the movie,

## I. INTRODUKSYON

Ang panitikan ay isang ilaw na walang kamatayang tumatanglaw sa kabihasnan.Tunay na malaki ang naiaambag ng panitikan sa bawat nilalang sapagkat nabibigyan ng pagkakataon ang bawat isa na makapag-isip, makapaghayag, makaunawa at makatugon sa iba't ibang sitwasyon sa buhay.

" Ang panitikan ay nagpapahayag ng mga damdamin, ng tungkol sa iba't ibang bagay sa daigdig, sa pamumuhay, sa pamahalaan sa lipunan at sa kaugnayan ng kanilang kaluluwa sa Dakilang lumikha." ( G. Azarias[1]. Hinuhubog ng panitikan ang kagandahan ng kultura ng bawat lipunan. Dito nasusulat ang henyo ng bawat panahon. Ito'y walang paglipas hanggang may tao sa sandaigdigan. Sabi ni Villafuerte[2], ang panitikan bilang isang matibay at panghabang panahong pagpapahayag ng mahalagang karanasan ng tao sa mga salitang mahusay na pinili at isinaayos. Ang mga karanasan ay malaking nagagawa sa pagpapalaganap ng panitikan sapagkat ang karanasan ang mag-aangat sa mataas na antas ng pagahahatid ng impormasyon.

Ayon naman kay Arrogante[3] , na ang panitikan ay nagsasalamin sa tanging sarili, pagkatao, pagkalahi at pagkabansa. Dagdag pa niya na ang panitikan ay talaan ng buhay sapagkat dito nailalahad ng tao ang kanyang kaisipan at damdamin at nailalarawan nang tapat, tunay at totoo ang takbo ng pangyayari na nagaganap sa panahon ng kanyang pag- unlad mula nang siya ay binhiin, sumilang, magmusmos, mamulat, magkaisip, matuto, gumulang at mamatay. Napangatwiranan ang kanyang karanasan gaya ng pagkatakot, pagkabigo, pagtatagumpay, pakikiayon, pagsusuwail, pag-iisa at nabibigyan katuturan ang kanyang sariling kahalagahan ayon na rin sa sarili niyang teoriya at sa tradisyon ng lipunang kanyang ginagalawan kaya malaki ang nagagawa ng panitikan.

Ang pelikulang Pilipino ay isa sa mga halimbawa ng akdang pampanitikan na nagbibigay ng malaking impluwensiya sa bawat indibidwal dahil sa makabagong teknolohiya na kung saan higit na mapapadali ang paghahatid ng mga kaalaman at higit na mauunawaan at makatutulong sa madaliang pagtugon.

Sinabi ni Kinder [4], na ang pinakaimportanteng bagay sa buong mundo ay maaaring dalhin ng guro sa silid- aralan sa pamamagitan ng paggamit ng educational media, ang konseptong abstrak ay maaaring ipakita sa pamamagitan ng pelikula. Ayon pa rin sa kanya ang pelikula ay makapagpapagaan ng komunikasyon at ang proseso nito ay maging epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Samakatuwid dahil sa pelikula ay mapapadali ang pagtuturo at pagkatuto.Ipinaliwanag ni Bruke [5] na siya ay sumasang-ayon na ang pelikula ay isang educational landscape. Ito ay kagamitang pagtuturo na lilinang ng mga kakayahan ng mga mag-aaral. Patunay lamang na maaaring gamitin sa indibidwal o pangkatang gawain.

Ang pelikula ay bahagi ng panitikan. Ang pelikula ang pinakamabilis na panghatak ng atensyon sa mga mag-aaral[6]. Batay sa naging karanasan at obserbasyon ng mananaliksik ay mahirap magturo dahil sa kakulangan ng materyal na gagamitin, kawalan ng inters ng mga mag- aaral ng material na kagamitan, kawalan ng interes ng mga mag- aaral, kakulangan sa kaalaman at pagtangkilik ng dayuhang pelikula sa halip na tangkilikin ang sariling atin.

Tunay na ang pelikula ay isa sa mga kinikilalang sining kasama ng pagpipinta, eskultura, musika, drama at arkitektura na nagbibigay ng yaman sa ating pamumuhay. Sa kasalukuyan, ang pelikula ang may pinakamalawak na impluwensiya sa publiko dahil sa kakayahan nitong magpakita ng mga damdamin at sitwasyon na sadyang mauunawaan ng mga manonood. Tinitingala ito ng publiko na parang salamin ng buhay dahil dito nila nasasaksihan ang paglalarawan ng kanilang mga pangarap, hangarin at paniniwala[7]. Ang bawat sining ay may layuning itaas ang kaalaman ng publiko tungkol sa kahalagahan ng konsepto ng kalidad. Malaking hamon ito para sa sining ng pelikula. Para matamo ang layunin ng kalidad sa isang produksyon, mahalagang magkaroon ng kolaborasyon ang mga taong magsisitrabaho sa isang proyekto. Magastos gumawa ng isang pelikula. Mahalagang mabawi ng isang prodyuser ang mga milyong itataya niya sa isang proyekto. At dahil sa laki ng salapi na maaaring matalo sa isang produksyon, maaaring ang mga taga-industriya ay natatakot na ring sumubok ng mga makabagong ideya.

Ang mga pelikulang Pilipino, pasiglahin ang diyalogo ng mga manonood at ng industriya ng pelikula, at linangin ang kaalaman sa tungkulin ng pelikula bilang midyum ng ekspresyon at komunikasyon, ayon sa mga kondisyon ng paggawa ng pelikula sa ating bayan [8]. Ang Manunuri ng Pelikulang Pilipino ay binubuo ng mga manunulat at kritikong pampelikulang karapat- dapat. Ang pelikula ay hinahatulan o tinataya ayon sa kahusayang pang- estitiko o kagandahan nito. Dito binibigyang- konsiderasyon ang kompleksiti o pagkamasalimuot ng mga elemento at mga patern na siyang humahamon sa interes at pang- intelektwal na pagtugon ng mga manonood. Binibigyang- pansin din ang pagka- orihinal nito na tumutukoy sa integridad o katapatan ng pelikula. Inilahahad din ang mga isyung panlipunan na matutunghayan sa bawat pelikulang Pilipino.

**Layunin**

Layunin pag-aaral ang pagsusuri ng mga isyung panlipunan sa mga piling pelikulang Pilipino upang makita ang kahalagahan nito.Tiniyak sa pag- aaral ang kasagutan sa sumusunod: ang kahalagahang pangkatauhan tulad ng: moral, pag- ibig, katapatan, karapatang- pantao at nasyonalismo, epekto/ dating ng pelikula sa manonood ayon sa bisang: pangkaisipan, pandamdamin, kaasalan at panlipunan.

## II. METODOLOHIYA

Ginamit ang disenyong " Qualitative Research Method sa anyo ng pagsusuri sa nilalaman ( Content Analysis ) bilang paraan sa pagsisiyasat sa mga piling pelikulang Pilipino batay sa Content analisis ang ginamit at sinuri ang nilalaman ng mga piling pelikula ayon sa Samantalang ang impluwensiya na bibigyan ng pokus sa ang kahalagahang- pangkatauhan tulad ng: moral, pag- ibig, katapatan, karapatang pantao at nasyonalismo at pag-aaralan naman ang epekto/ dating ng pelikula ayon sa bisa sa : pangkaisipan, pandamdamin, kaasalan at panlipunan.

**Instrumentong Ginamit**

Isang talatanungan ang gagamitin sa pagsusuri ng mga elemento at tseklist naman para sa kahalagahang pangkatauhan ng mga kahalagahang pangkatauhan ang ginamit bilang batayan ng pagsusuri. Ang sumusunod na mga kriteryang pagbabatayan ng tindi o bigat ng mga pagpapahalaga sa bawat piling pelikula ay inihanda ng mananaliksik. Ang bawat kriterya ay may nakatakdang bigat upang upang makagawa ng malinaw na paglalarawan ng magiging kinalabasan. Binigyan ng:

| | |
|---|---|
| Matinding- matinding ipinapakita | - apat ( 4 ) na puntos |
| Matinding ipinapakita | - tatlong ( 3 ) puntos |
| Kainamang ipinapakita | - dalawang ( 2 ) puntos |
| Bahagyang ipinapakita | - isang ( 1 ) punto |
| Hindi ipinapakita | - walang punto |

**Pagsusuring Istatistikal**

1. Para sa pagkuha ng weighted mean, ang pormula na ginamit ay:

$$W.M = \frac{W\ X}{n}$$

Kahulugan

| | |
|---|---|
| W | = prekwensi |
| X | = mga iskor |
| n | = total na bilang |
| W.M. | = weighted mean |

2. Parameter limits para Makita ang antas ng tindi o bigat ng mga kahalagahan:

| | |
|---|---|
| 3.20- 4.00 | = Matinding- matinding ipinapakita |
| 2.40- 3.29 | = Matinding ipinapakita |
| 1.60- 2.40 | = Kainamang ipinapakita |
| 0.80- 1.59 | = Bahagyang ipinapakita |
| 0.00- 0.79 | = Hindi ipinapakita |

**Resulta ng Pag-aaral**
**Mga Kahalagahang - pangkatauhan**
Inilahahad sa Talahanayan 1A ang mga kahalagahang – pangkatauhang moral na inilalarawan sa limang pelikula.
Sa limang pelikula, maliwanag na maliwanag na ipinapakita ang kahagahang- pangkatauhang moral na **kalinisan** sa dalawang pelikula na "Bata, Bata… Paano ka ginawa?" at "Bayaning Third World" ipinapakita sa pelikula "Bata, Bata… Paano ka ginawa?" walang bahid na dumi ang layunin sa pagtulong sa kapwa. Ipinakita ni Lea na siyang pangunahing tauhan ang tunay na pagtulong niya sa mga babaeng sinasaktan ng kanilang mga bana at ang pag- amin niya na siya ay may dalawang anak na magkakaiba ang ama. Ito ay kalinisan sa budhi na sa kabila ng mga pangyayari sa buhay ni Lea ay hinarap niya ang pagiging isang ina na mag- isang bumubuhay sa kanyang mga anak. Sadyang ang kalinisan sa budhi ay nag- aalis ng pag-aalinlangan sa pakikisalamuha sa kapwa.
Samatalang ang "Bayaning Third World" naman ay tumutukoy sa malinis na nagawa ng isang tao gaya ng ginawa ni Jose Rizal.

**Talahanayan 1A: Ang Kahalagahang- Pangkatauhang Moral**

| Kahalagahang- Pangkatauhan | | Bata Bata... Paano ka Ginawa? | Bayaning Third World | Dekada '70 | Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros | Tirador | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Mean Score | Mean Score | Mean Score | Mean Score | Mean Score | |
| Moral | Kalinisan | 3.231 *( MMI ) | 3.231 *( MMI ) | 3.077 ( MI ) | 2.769 ( MI ) | 1.769 ( KI ) | 2.815 ( MI ) |
| | Kapurihan | 2.923 ( MI ) | 3.154 ( MI ) | 3.231 *( MMI ) | 2.923 ( MI ) | 1.692 ( KI ) | 2.785 ( MI ) |
| | Pananalig sa Diyos | 2.538 ( MI ) | 3.231 *( MMI ) | 3.077 ( MI ) | 2.308 ( KI ) | 1.846 ( KI ) | 2.600 ( MI ) |
| | Karangalan | 3.000 ( MI ) | *3.692 ( MMI ) | 3.385 ( MMI ) | 2.538 ( MI ) | 1.692 ( KI ) | 2.861 ( MI ) |
| | **Kabuuan** | **2.923** ( MI ) | **3.327** ( MMI ) | **3.**193 ( MI ) | **2.635** ( MI ) | **1.750** ( KI ) | **2.766** ( MI ) |

Legend:

3.21 – 4.00 *Maliwanag na maliwanag na ipinakita* (MMI)
2.41 – 3.20 *Maliwanag na ipinakita* (MI)
1.61 – 2.40 *Kainamang ipinakita* (KI)
0.81 – 1.60 *Bahagyang ipinakita* (BI)
0.00 – 0.80 *Hindi ipinakita* (HI)

na layunin at tunguhin para sa bayan at ito ay kung paano makatutulong sa mga mamamayan para makamit ang kalayaan.

Maliwanag na maliwanag na ipinakita sa pelikulang "Bayaning Third World" ang **karangalan** sapagkat inilalarawan ang mga gawain ni Rizal para makamit ng bawat Pilipino ang minimithing kalayaan. Isang malaking karangalan kapag may nagawa kang mabuti para sa kapwa at bayan. Nakikita ito sa linyang
*" mahal kong nanay, kung ano man ang aking pinaniniwalaan ngayon ay aking pinag- iisipan nang husto dahil hindi matanggap ng aking budhi ang anumang bagay na hindi naaayon sa matuwid na pag- iisip."*

Para kay Rizal isang karangalan ang ibuwis ang buhay para sa Inang Bayan.
Habang para kay Amanda sa ”Dekada‘ 70“ isang pagpapahalaga sa dangal ang pagpapalaki nang mabuti sa mga anak sa kabila ng iba't ibang prinsipyo sa buhay.

Sa Talahanayan 1B ipinapakita ang mga kahalagahang – pangkatauhang pag- ibig na inilalarawan sa limang pelikula.
Sa limang pelikulang sinuri, maliwanag na maliwanag na ipinapakita sa mga pelikulang "Bata, Bata ... Paano ka Ginawa?", " Bayaning Third World", "Dekada'70", at " Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros" ang pag- ibig na kaugnay sa paggalang sa mga magulang, pag- ibig sa mga kapatid at pagrerespeto sa kapwa. Nabanggit ni Ojie at Maya sa "Bata, bata ... Paano ka Ginawa?" nang kausap nila ang kanilang mga ama,
*" Hindi ko pwede iwan ang nanay ko. Isa lang ang nanay ko." Wika ni Maya " Tapos na ang usapan nay, sinabi na na po naming sa dalawa naming tatay na hindi kami sasama sa kanila,hindi ka naming ipagpapalit." Pahayag nina Ojie at Maya*

Habang sa " Bayaning Third World" pinakita ni Rizal ang pagmamahal, paggalang at pagrerespeto sa kanyang mga liham. Narito ang bahagi ng kanyang liham .

**Talahanayan 1B: Ang Kahalagahang- Pangkatauhang Pag- ibig**

| **Kahalagahang- Pangkatauhan** | | **Bata Bata... Paano ka Ginawa?** | **Bayaning Third World** | **Dekada '70** | **Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros** | **Tirador** | **Kabuuan** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | **Mean Score** | **Mean Score** | **Mean Score** | **Mean Score** | **Mean Score** | |
| | Pagmamahal sa sarili | **3.462 *( MMI )** | **3.154 ( MI )** | **3.077 ( MI )** | **3.308 ( MMI )** | **2.385 ( KI )** | 3.077 ( MI ) |
| | Paggalang sa mga magulang | **3.308 *( MMI )** | **3.308 *( MMI )** | **3.462 (MMI )** | **3.769 *( MMI )** | **1.692 ( KI )** | 3.108 ( MI ) |
| Pag- ibig | Pag- ibig sa mga Kapatid | **3.846 *( MMI )** | **3.231 ( MMI )** | **3.615 ( MMI )** | **3.846 *( MMI )** | **2.000 ( KI )** | 3.308 ( MMI ) |
| | Pagrerespeto sa Kapwa | **3.231 ( MMI )** | **3.462 *( MMI )** | **3.385 ( MMI )** | **3.308 ( MMI )** | **1.462 ( KI )** | 2.970 ( MI ) |
| | Kabuuan | **3.462 ( MMI )** | **3.289 ( MMI )** | **3.385 ( MMI )** | **3.558 ( MMI )** | **1.885 ( KI )** | 3.116 ( MI ) |

Legend:

3.21 – 4.00 *Maliwanag na maliwanag na ipinakita* (MMI)
2.41 – 3.20 *Maliwanag na ipinakita* (MI)
1.61 – 2.40 *Kainamang ipinakita* (KI)
0.81 – 1.60 *Bahagyang ipinakita* (BI)
0.00 – 0.80 *Hindi ipinakita* (HI)

*"Sa aking mahal na magulang, kapatid at kaibigan. Batid n'yo na pinagdusa ko kayo ng labis. Ako ay nagsisisi sa lahat ng aking nagawa. Kung kailangan kong magsimula ako uli ay magsisimula ako muli sa aking ginagawa dahiliyon ang aking tungkulin." Pahayag ni Rizal*

Tinutukoy naman sa "Dekada'70", ang labis na pagmamahalan ng buong pamilya na sa likod ng hapdi sa pagkamatay ng isang anak ay hindi man lang sila sumuko bagkus nagtulungan at hindi nag- iwanan at lalong pinaigting ang pagmamahalan at paggalang sa isa't isa.
Hindi naman maikaila ang pagmamahalan, paggalang at pagrerespeto sa isa't isa na ipinapakita ng magkakapatid na Oliveros. Sa likod ng pagiging bakla ni Maximo, sinuportahan nila ito, ginalang at minahal.
Dahil nakabigkis sa kulturang Pilipino ang pag- aaruga ng ina sa mga anak, ang pagmamahal sa mga magulang, sa mga kapatid at kapwa, tunay lamang na mananaig ang kahalagahang pag- ibig sa limang pelikula.

**Mga Kahalagahang – Pangkatauhan Katapatan**
Makikita sa Talahanayan 1C ang mga kahalagahang – pangkatauhang katapatan na inilalarawan sa limang pelikula.

**Talahanayan 1C: Ang Kahalagahang – Pangkatauhang Katapatan**

| **Kahalagahang- Pangkatauhan** | | **Bata Bata... Paano ka Ginawa?** | **Bayaning Third World** | **Dekada '70** | **Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros** | **Tirador** | **Kabuuan** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | **Mean Score** | **Mean Score** | **Mean Score** | **Mean Score** | **Mean Score** | |
| Katapatan | Katotohanan | **3.692 *( MMI )** | **3.615 ( MMI )** | **3.692 *( MMI )** | **3.231 ( MMI )** | **3.000 ( MI )** | 3.446 ( MMI ) |
| | Kabuuan | **3.692 ( MMI )** | **3.615 ( MMI )** | **3.692 ( MMI )** | **3.231 ( MMI )** | **3.000 ( MI )** | 3.446 ( MMI ) |

Legend:

3.21 – 4.00 *Maliwanag na maliwanag na ipinakita* (MMI)
2.41 – 3.20 *Maliwanag na ipinakita* (MI)
1.61 – 2.40 *Kainamang ipinakita* (KI)
0.81 – 1.60 *Bahagyang ipinakita* (BI)
0.00 – 0.80 *Hindi ipinakita* (HI)

Ang kahalagahang- pangkatauhan na katapatan na kaugnay ng **katotohanan** ay maliwanag na maliwanag na ipinapakita sa apat na pelikula ng "Bata, Bata... Paano ka Ginawa?", "Bayaning Third World", "Dekada '70" at " Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros" dahil naglalarawan ito ng tunay kaganapan sa buhay. Tulad ni Lea, sa "Bata, Bata... Paano ka Ginawa?" ipinamalas niya ang katotohanan na mag- isa niyang binubuhay ang kanyang dalawang anak. Gayun din ang katotohanan na pantay- pantay ang pagmamahal niya sa kanyang mga anak na magkaiba ang ama.
Habang sa "Dekada '70" at "Bayaning Third World", katapatan sa pagpapahalaga sa bayan, ang pag- ambag ng mabuting gawa para sa ikauunlad at pagyaman ng sariling bayan gayun din ang paglilingkod sa bayan. Para sa mga Pilipino, masakit man kung minsan ang pagiging makatotohanan, subalit karangalan pa rin ang pagsabi at pagpapakita ng katotohanan.
Sa " Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros", ipinapakita naman ni Maximo ang katotohanang kahit bakla siya may mabubuting nagawa naman para sa kanyang pamilya. At ito ang nag- udyok sa kanila na mahalin si Maximo.

Matutunghayan sa Talahanayan 1D inilalahad ang mga kahalagahang – pangkatauhang karapatang- pantao na inilalarawan sa limang pelikula.
Maliwanag na maliwanag na ipinapakita ang karapatang- pantao na **pananagutan sa magulang** at **pagmamalasakit** sa apat na pelikula na " Bata, bata... Paano ka Ginawa?", "Bayaning Third World", "Dekada '70" at " Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros". Nangangahulugang ang bawat isa ay may responsibilidad sa mga magulang. Responsibilidad nila na pahalagahan ang damdamin ng isang ina lalo na kapag ito ay nag-

aalala. At responsibilidad rin ang ipabatid ang kalagayan ng isang anak lalo na sa katayuan ng mga anak na malayo sa mga magulang. Saydang nakatutuwa ang mga anak na nagpapakita ng pagmamalasakit sa magulang.

**Talahanayan 1D: Ang Kahalagahang- Pangkatauhang Karapatang- Pantao**

| Kahalagahang-Pangkatauhan | | Bata Bata... Paano ka Ginawa? | Bayaning Third World | Dekada '70 | Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros | Tirador | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Mean Score | Mean Score | Mean Score | Mean Score | Mean Score | |
| | Pananagutan sa Magulang | **3.692 *( MMI )** | **3.231 ( MMI )** | **3.692 *( MMI )** | **3.692 *( MMI )** | **1.923 ( KI )** | 3.246 ( MMI ) |
| | Kalayaaan | **3.000 ( MI )** | **3.308 *( MMI )** | **2.000 ( KI )** | **3.154 ( MI )** | **2.385 ( KI )** | 2.769 ( MI ) |
| Karapatang- Pantao | Pantay-Pantay | **3.231 *(MMI )** | **3.154 ( MMI )** | **2.000 ( KI )** | **3.154 ( MI )** | **1.462 ( BI )** | 2.600 ( MI ) |
| | Pagmamalasakit | **3.538 *( MMI )** | **3.538 *( MMI )** | **3.385 ( MMI )** | **3.846 ( MMI )** | **1.615 ( KI )** | 3.184 ( MI ) |
| | Katarungang-Panlipunan | **3.308 *( MMI )** | **3.231 ( MMI )** | **2.462 ( MI )** | **2.692 ( MI )** | **1.385 ( BI )** | 2.616 ( MI ) |
| | Kabuuan | **3.354 ( MMI )** | **3.292 ( MMI )** | **2.708 ( MI )** | **3.308 ( MMI )** | **1.754 ( KI )** | 2.883 ( MI ) |

Legend:

3.21 – 4.00 *Maliwanag na maliwanag na ipinakita* (MMI)
2.41 – 3.20 *Maliwanag na ipinakita* (MI)
1.61 – 2.40 *Kainamang ipinakita* (KI)
0.81 – 1.60 *Bahagyang ipinakita* (BI)
0.00 – 0.80 *Hindi ipinakita* (HI)

Maliwanag na maliwanag na ipinapakita ang **pagmamalasakit** sa pelikulang "Bata, Bata... Paano ka Ginawa?" sa tuwing tumutulong si Lea sa mga babaeng inabuso at sinasaktan at sa " Bayaning Third World" na kaugnay sa pagbibigay simpatiya sa kalagayan ng tao o sa lipunang ginagalawan. Tulad ni Rizal, nagmamalasakit siya sa kanyang bayan kung kaya ito ang dahilan kung bakit sumulat siya tungkol sa mga katiwalian ng pamahalaang Kastila.
*" Pinaninindigan ko ang lahat ng aking ideya na aking pinaniniwalaan para sa kinabukasan ng aking bayan." Dagdag pa ni Rizal*

Ipinakikita lamang ng direktor ng pelikula na mahalaga ang kahulugan ng salitang karapatang- pantao. Para sa mga Pilipino mahinahon sila, matibay ang loob at sobrang pasenseyoso subalit kapag inapakan ang kanilang karapatan, sila ay lumalaban.

**Mga Kahalagahang – Pangkatauhan Nasyonalismo**
Inilalahad sa Talahanayan 1E ang mga kahalagahang – pangkatauhang nasyonalismo na inilalarawan sa limang pelikula.

**Talahanayan 1E: Kahalagahang- Pangkatauhang Nasyonalismo**

| **Kahalagahang-Pangkatauhan** | | **Bata Bata... Paano ka Ginawa?** | **Bayaning Third World** | **Dekada '70** | **Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros** | **Tirador** | **Kabuuan** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | **Mean Score** | **Mean Score** | **Mean Score** | **Mean Score** | **Mean Score** | |
| | Kabayanihan | **2.538 ( MI )** | **3.769 *( MMI )** | **3.308 ( MMI )** | **2.385 ( KI )** | **1.385 ( BI )** | 2.677 ( MI ) |
| | Katapatan sa bayan | **2.154 ( KI )** | **3.538 *( MMI )** | **3.154 ( MI )** | **2.308 ( KI )** | **1.154 ( BI )** | 2.462 ( MI ) |
| Nasyonalismo | Pambansang Pagkakaisa | **2.000 ( KI )** | ***3.077 ( MI )** | **2.538 ( MI )** | **2.000 ( KI )** | **1.000 ( BI )** | 2.123 ( KI ) |
| | Pagsunod sa Batas | **2.231 ( KI )** | **2.846 *( MI )** | **2.231 ( KI )** | **2.000 ( KI )** | **1.000 ( BI )** | 2.062 ( KI ) |
| | Pagtangkilik sa sariling atin | **2.154 ( KI )** | **3.308 *( MMI )** | **2.538 ( MI )** | **2.077 ( KI )** | **1.077 ( BI )** | 2.231 ( KI ) |
| | Kabuuan | **2.215 ( KI )** | **3.308 *( MMI )** | **2.754 ( MI )** | **2.154 ( KI )** | **1.123 ( BI )** | 2.311 ( KI ) |

Legend:
3.21 – 4.00 *Maliwanag na maliwanag na ipinakita* (MMI)
2.41 – 3.20 *Maliwanag na ipinakita* (MI)
1.61 – 2.40 *Kainamang ipinakita* (KI)
0.81 – 1.60 *Bahagyang ipinakita* (BI)
0.00 – 0.80 *Hindi ipinakita* (HI)

Ang kahalagahang- pangkatauhan na **kabayahinan** ay maliwanag na maliwanag na ipinapakita sa pelikulang "Bayaning Third World" nang ibinuwis ni Rizal ang kanyang sariling buhay para sa mga Pilipino at sa bayan. Sabi nga niya,

> " Maluwag sa aking kalooban ang mamatay para
> sa kanya, sa bayan." Wika ni Rizal

Gayundin sa pelikulang " Dekada '70" kung saan namatay si Willy para ipagtanggol ang kanyang prinsipyo para sa ikabubuti ng bayan.

Mapapansin na dalawang pelikula lamang ang naglalarawan ng kabayanihan dahil parehong nagsasaysay sa pagmamahal at pagmamalasakit para sa bayan at handang ibuwis ang buhay para sa prinsipyo at sa bayan.

Sa kabuuan, maliwanag na maliwanag na ipinakikita sa limang pelikula na pinahahalagahan ng mga Pilipino laluna ang pamilyang Pilipino ang paggalang sa magulang, pag- ibig sa mga kapatid, pagrespeto sa kapwa, katotohanan, pananagutan sa magulang at pagmamalasakit. Nagpapahiwatig na ang ugnayan ng pamilyang Pilipino ay matatag kaya hindi madaling mabuwag dahil matibay na pinagbibigkis ng pamahalaan, pagrespeto, pagkamakatotoo at pagmamalasakit sa isa't isa.

**Ang Epekto/ Dating ng Limang Pelikula sa Bisa Batay sa Pangkaisipan, Pandamdamin, Pangkaasalan at Panlipunan**

Sa Talahanayan 2A, inilalahad ang kinalalabasan ng pagsusuri ng limang pelikula batay sa apat na katanungan may kaugnayan sa bisang pangkaisipan tulad ng: Anong kaisipan ang nangingibabaw sa pelikula? Nagustuhan

mo ba ito? Bakit? Sa anong paraan makatutulong ang kaisipan na napapaloob sa pelikula? Magbigay ng isang sitwasyon na nagpapakita ng katulad na kaisipan. Isinagawa ang paglalahad ng mga datos sa pamamagitan ng pagsagot ng mga mag- aaral sa mga katanungan na inihanda ayon sa bisang pangkaisipan, pandadamin, pangkaasalan at panlipunan.

**"Bata, Bata… Paano ka Ginawa?"**
Sa pelikulang ito nabuo ng mga mag- aaral ang kaisipang, sadyang mahirap maging dalagang- ina dahil may katapat itong pananagutan at responsibilidad. Tunay at nagustuhan ng mga mag- aaral ang pelikula dahil ito ay nagpapakita ng katotohang nagaganap sa buhay ng mga Pilipino na nagbibigay mulat sa mga magulang at maging sa mga kabataan na pahalagahan ang pagmamahal at paggalang sa bawat isa. Isang halimbawa nito ay ang katotohanan na may magkakapatid na magkaiba ang ina o ama ngunit hindi ito hadlang para magkaroon ng magandang samahan. Maraming mga Pilipino ang sadyang nakararanas ng ganitong uri ng sitwasyon ngunit ito ay napag- uusapan at nabibigyan ng kasagutan nang maaayos at mapayapa.
**"Bayaning Third World"**
Tungkol ito sa kabayanihan na naipapakita sa pamamagitan ng mga nagawa sapagkat higit na nakikilala sa pelikula ang pagkatao at pagkabayani ni

**Talahanayan 2A : Epekto/ Dating ng Pelikula Ayon sa Pangkaisipan**

| Epekto/ Dating ng Pelikula ayon sa: | Bata, Bata… Paano Ka Ginawa? | Bayaning Third World | Dekada' 70 | Ang pagdadalaga ni Maximo Oliveros | Tirador |
|---|---|---|---|---|---|
| 1.Pangkaisipan<br>1.1. Anong kaisipan ang nangingibabaw sa pelikula? | Masalimuot ang buhay ng dalagang- ina dahil may katapat itong pananagutan at responsibilidad. | Ang kabayahihan ay maipapakita sa pamamagitan ng mga nagawa. | Mahirap maging isang ina lalo na kung ang mga anak ay may sariling prinsipyong pinaniniwalaan. | Tanggapin ang isang tao maging sino o anuman siya. | May iba't ibang uri ng pamumuhay ang mga taong salat sa buhay. |
| 1.2. Nagustuhan mo ba ito? Bakit? | Oo, dahil ito ay nagpapakita ng katotohang naganap sa buhay ng mga Pilipino. | Oo, sapagkat higit na nakikilala ang pagkatao at pagkabayani ni Rizal | Oo, dahil dito ay pinapakita ang paninidigan ng isang ina at paniniwala ng mga anak hinggil sa lipunan. | Oo, sapagkat sa kabila ng pagiging bakla siya ay minamahal at iginagalang siya ng kapwa niya. | Oo, pinukaw nito ang isipan sa mga tunay na mga kaganapan at suliraning nagaganap sa lipunan. |
| 1.3. Sa anong paraan makatutulong ang kaisipan na napapaloob sa pelikula? | Magbigay mulat ito sa mga magulang at maging sa mga kabataan na pahalagahan ang pagmamahal at paggalang sa bawat isa. | Pagpapakita ng pagmamahal sa sariling bayan, pagbibigay mulat sa pagmulat ng damdaming makabayan . | Pagpili ng mabuting pinuno dahil na sa kamay nito nakasalalay ang kinabukasan ng bayan. | Ibatay ang pagpili ng kaibigan sa kabutihan ng kalooban . Anuman ang kasarian niya | Buksan ang isipan na maghanap ng isang maayos na trabaho para mamuhay ng matiwasay. |
| 1.4. Magbigay ng isang sitwasyon na nagpapakita ng katulad na kaisipan. | Isang halimbawa nito ay ang katotohanan na may magkakapatid na magkaiba ang ina o ama ngunit hindi ito hadlang para magkaroon ng magandang samahan ang magkakapatid. | Sa kasalukuyangpan ahon maraming tao na matatawag na bayani na hindi nakilala nang sila'y nabubuhay pa, ganun pa man may nagawang mabuti para sa bayan. | Mga rally at pag- aalsa ng tao sapagkat hindi sila sang- ayon sa pamamalakad ng mga nanunungkulan sa gobyerno. | Sa kabila ng pagiging bakla ay may nagagawang mabuti sa mga taong nasa paligid nila. | Ang mga sitwasyon na nagpapakita ng katotohanan ay pagnanakaw, pagsusugal, pakikiapid at paggamit ng bawal na gamot. |

Rizal kaya nagustuhan ng mga mag- aaral ang pelikula dahil higit nilang nakilala si Rizal. Nagpapakita ng katapatan, pagmamahal sa sariling bayan, at nagbibigay mulat sa damdaming makabayan. Sa kasalukuyang panahon talagang maraming taong matatawag na bayani na hindi nakilala nang sila'y nabubuhay pa, dahil may nagawang mabuti para sa bayan. Ganun pa man, ang mga Pilipino ay naipapakita ang pagkabayani sa ibat' ibang paraan para makatulong sa iba. Naririyan ang mga gurong patuloy na humubog ng kaalaman sa mga mag-aaral, mga manggagamot na nagbibigay lunas sa mga may karamdaman, mga sundalo at pulis na nagpapanatili ng kapayapaan, mga abogado na nagbibigay ng tumpak na paghatol at mga pinuno ng bansa na nagunguna sa pagbuo ng mga proyekto para sa ikauunlad ng bansa.

**"Dekada '70"**

Pangunahing kaisipan sa pelikula na sadyang mahirap maging isang ina lalo na kung ang mga anak ay may sariling prinsipyong pinaniniwalaan kaugnay sa pamamalakad sa pamahalaan.Talaga namang ipinapakita sa pelikula ang paninindigan ng isang ina laban sa paniniwala ng mga anak hinggil sa lipunan. Kung kaya nararapat na pumili ng mabuting pinuno dahil sa kamay niya nakasalalay ang kinabukasan ng bayan. May mga rally at pag- aalsa ng mga tao sapagkat hindi sila sang- ayon sa pamamalakad ng mga nanunungkulan sa gobyerno. Kung ang bawat anak at magulang ay nagkakaisa sa mga pinaniniwalaang prinsipyo tunay na ang bayan ay mabilis sa pagsulong sa kaunlaran.

**"Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros"**

Dapat tanggapin ang isang tao maging sino man o anuman siya ay isang kaisipang nangingibabaw sa pelikula. Dahil iba man ang kasarian at kinalakihan ng bawat isa ay may karapatan kaya dapat igalang. Nakita ng mga mag- aaral na sa kabila ng pagiging bakla ni Maximo minamahal at iginagalang siya ng kapwa niya. Kaya dapat ibatay ang pagpili ng kaibigan sa kabutihan ng kalooban anuman ang kasarian niya. Sa kabila ng pagiging bakla, may nagagawang mabuti si Maximo sa mga taong nasa paligid niya. Umiiyak siya na nakita ng kanyang mga kapatid. Ito ang naging dahilan upang hindi na sila nagalit at nagsimula ng bagong buhay. Ang simpleng pag- unawa sa ikinikilos ng mga taong nasa paligid ay sapat na upang ikintal sa isipan ang nararapat gawin. Sabi nga, nagbago na ang Pilipino dahil ang dating paniwalang salot sa lipunan ang isang bakla, ngayon ay hindi na at ginagalang na.

**"Tirador"**

Isang pelikulang naglalarawan sa mga mag- aaral na iba't ibang uri ang pamumuhay ng mga taong salat sa buhay. Pinukaw nito ang isipan sa mga tunay na kaganapan at suliraning nagaganap sa lipunan. Ang mga sitwasyon sa pelikula na nagpapakita ng katotohanan ay pagnanakaw, pagsusugal, pakikiapid at paggamit ng bawal na gamot. Dapat na maging batid tayo sa mga suliraning ito upang ang bawat isa ay malaman kung papaano maiiwasan at mabibigyan ng solusyon. At higit sa lahat, buksan ang isipan na maghanap ng isang maayos na trabaho para mamuhay ng matiwasay na malinis ang konsensiya.

**Ang Epekto/ Dating ng Limang Pelikula sa Bisa Batay sa Pandamdamin,**

Inilahahad sa Talahanayan 2B, ang kinalabasan ng pagsusuri sa mga pelikula. Isinagawa ang paglalahad ng mga datos sa pamamagitan ng pagsagot

ng mga katanungan na inihanda ayon sa bisang pandadamin. Ang mga katanungan ay: Anong eksena ng pelikula ang nakatinag sa iyo? Bakit? Ano ang iyong naramdaman habang pinanonood ang pelikula? Naramdaman mo ba na bahagi ka ng pelikula? Sa anong sitwasyon? Anong karanasan na naganap sa buhay mo na masasabing may kahawig sa kaganapan sa pelikula?

**"Bata, Bata… Paano ka Ginawa?"**

Natinag ang damdamin ng mga mag- aaral sa eksenang nagkaroon ng komprontasyon sa pagitan ni Lea at nakatatandang anak na si Ojie. Naramdaman nila ang galit at sakit. Napaiyak sa pagbuhos ng luha ng mag- ina dahil sa kalungkutang walang tiyak na ama ang pamilya na masasandalan sa

panahon ng kahirapan at kaligayahan. Sa bandang huli nagbunga rin ang komprontasyon ng pag- uunawaan at pagmamahalan. Masaya rin sila dahil lumaki silang magkapatid na magkasundo at may pagmamahalan at paggalang sa isa't isa

**Talahanayan 2B: Epekto/ Dating ng Pelikula Ayon sa Pandamdamin**

| Epekto/ Dating ng Pelikula ayon sa: | Bata, Bata… Paano Ka Ginawa? | Bayaning Third World | Dekada' 70 | Ang pagdadalaga ni Maximo Oliveros | Tirador |
|---|---|---|---|---|---|
| Mga Tanong<br><br>1. Anong eksena ng pelikula ang nakatinag sa iyo? Bakit? | Nang magkaroon ng komprontasyon sa pagitan ni Lea at ng kanyang anak na panganay na si Ojie. | Noong binaril si Rizal na hindi man lang binigyan ng pagkakataong ipagtanggol ang kanyang sarili hinggil sa mga paratang sa kanya na opinyon ng pag- aalsa. | Unti- unting pinapatay si Willy ng mga pulis sapagkat isa siya sa mga kabataan na humingi ng reporma para sa pamahalaan at ang matinding paghihinagpis ng ina sa kamatayang sinapit ng anak. | Umiyak si Maximo na nakita ng kanyang mga kapatid. Ito ang naging dahilan upang hindi na sila maghiganti at magsimula ng bagong buhay. | Ang pagkamatay ng ama ni Odie na sa kabila ng pagiging mandurukot ay may pananampal-ataya ito sa Poong Nazareno. |
| 2. Ano ang iyong naramdaman habang pinanonood ang pelikula? | Nalulungkot dahil hindi kompleto ang pamilya sapagkat walang silang ama gayun pa man ay masaya pa rin dahil lumalaki silang magkakasundo at may pagmamahalan at paggalang sa isa't isa. | Naaaliw sapagkat may mga bagong kaalaman na nakadadgdag sakit at galit sapagkat hindi makatarungan ang hatol kay Rizal. | Sobrang sakit at awa sa sinapit ng anak at sa ina na walang magawa para ipaglaban ang anak. | Kasiyahan sapagkat mahal na mahal at nirerespeto si Maximo ng kanyang mga kapatid sa kabila ng pagiging bakla niya. | Nakahahabag isispin na may mga kabataang naliligaw ng landas at may mga tao na gumagawa ng hindi mabuti para lamang mabuhay. |
| 3.Naramdaman mo ba na bahagi ka ng pelikula? Sa anong sitwasyon? | Oo, kapag pinangangaralan ng ina at pag naglalambing sa ina. | Oo, bilang isang kapatid na nagbigay ng paaalala sa kalagayan ng sariling kapatid at pagiging mamayang Pilipino na naghahangad na makaambag sa ikabubuti ng bayan. | Oo, sa hindi makatarungang hustiya. Hindi binigyang pagkakataon na ipagtanggol ang sarili. | Oo, sa tuwing iniisip ang kapakanan ng bawat kasapi ng pamilya. | Oo, nakita ang mga taong pa rin ang nagsisikap at nagtatrabaho nang marangal kahit kaunti lang ang kinikita. |
| 4. Anong karanasan na naganap sa buhay mo na masasabing may kahawig sa kaganapan sa pelikula? | Iyong mga pangaral ng isang ina sa kanyang mga anak at suliraning pampamilya na nabibigyan naman ng solusyon. | Ang pagtangkilik ng sariling produkto at pagsunod ng batas. | Mga paalala at payo na ibinibigay ng mga magulang. | Ang pagmamahal ng mga magulang at kapatid. | Ang pagiging mahirap ngunit patuloy pa rin nagtitiyaga na mapaganda ang buhay sa marangal na paraan na walang inaapakan o inaabuso. |

Dagdag pa ng mga mag- aaral habang pinanonood nilang naglalambingan ang ina at mga anak at habang pinapangaralan ng ina ang mga anak, parang bahagi na rin sila ng pelikula dahil ito ang nangyari sa tunay na buhay.

**"Bayaning Third World"**

Isang katotohanan na masakit para sa mga mag- aaral nang binaril si Rizal na hindi man lang binigyan ng pagkakataong ipagtanggol ang kanyang sarili hinggil sa mga paratang sa kanya na opinyon ng pag- aalsa. Dapat daw sana ay binigyan ng pagkakataton siya na depensahan ang sarili upang maging makatarungan at maging maayos ang hatol na dapat igawad kung kinakailangan.

Gayun paman, naaliw sila dahil maraming bagong kaalaman ang natutunan nila sa tunay na katauhan ni Rizal at pagiging bayani niya.

Habang pinanonod ang pelikula nararamdaman ng mga mag- aaral na kabahagi na rin sila dahil sa mga payo ni Rizal sa mga kapatid niya at sa mga mamamayang Pilipino na makapag- ambag sa ikabubuti sa bayan. Nakita rin nila paano ang pagpapasalamat ni Rizal na nagkaroon siya ng mga kapatid na handang dumamay at walang sawang tutulong at magpapaalala sa kanya.

**"Dekada '70"**

Nakadudurog ng puso ang makitang unti- unting pinapatay si Willy ng mga pulis sapagkat isa siya sa mga kabataan na humingi ng reporma para sa pamahalaan at ang matinding paghihinagpis ng ina sa kamatayang sinapit ng anak. Ito ang naramdaman ng mga mag- aaral. Sobrang sakit at awa sa sinapit ng anak at sa ina na walang magawa para ipaglaban ang anak. Sadyang hindi makatarungang hustiya! Nawa'y maging makatarungan at patas ang batas. Subalit dapat namang tandaan ang mga paalala at payo na ibinibigay ng mga magulang dahil walang magulang na nagnanais na mapahamak ang kanilang mga anak. Ang kabiguan ng isang anak ay kalungkutan ng mga magulang datapwat ang tagumpay ng anak ay walang katumbas na kaligayahan sa mga magulang.

**"Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros"**

Para sa mga mag- aaral, nakalulungkot panoorin nang umiiyak si Maximo na nakita ng kanyang mga kapatid kung kaya ito ang naging dahilan upang hindi na sila magalit at magsimula na lamang ng bagong buhay. Kasiyahan ang nararamdaman sapagkat mahal na mahal si Maximo ng kanyang mga kapatid sa kabila ng pagiging bakla niya. Sa tuwing iniisip ang kapakanan ng bawat kasapi ng pamilya nariyan lagi ang pagmamahal ng mga magulang at kapatid. Sadyang hindi matitiis ng mga kapatid ang sariling kapatid nito lalo pa kung ang bawat luha na pumapatak at kalungkutan na dinadala ay para sa kapakanan ng bawat isa. At ang bunga nito ay ang tahimik at masayang samahan ng magkakapatid.

**"Tirador"**

Masakit ang pagkamatay ng ama ni Odie dahil sa kabila ng pagiging mandurukot ay may pananampalataya siya sa Poong Nazareno. Subalit higit na nakahahabag na mapanood sa pelikula ang mga kabataang naliligaw ng landas at mga taong gumagawa ng hindi mabuti para lamang mabuhay. Ano na kaya kung walang mga samahan na tumutulong para magbago ng buhay at maituwid ang landas? Mabuti na lamang at may dalawang mukha ang buhay: masama at mabuti. Dahil may mga tao pa rin ang nagsisikap at nagtatrabaho nang marangal kahit kaunti lang ang kinikita. Sa kabila ng pagiging mahirap patuloy pa rin nagtitiyaga na mapaganda ang buhay sa marangal na paraan na walang inaapakan o inaabuso. Kaya ang kahirapan ay hindi hadlang para magtagumpay kailangan lamang ang talino, tiyaga at papanalig sa Diyos.

Tunay na ang limang pelikula ay tuminag sa puso't damdamn nila dahil sa iba't ibang pangyayari sa buhay na nagdulot ng saya, lungkot, galit at habag; sa "Bata, Bata… Paano ka Ginawa?" natinag ang damdamin ng mga mag- aaral sa eksenang nagkaroon ng komprontasyon sa pagitan ni Lea at nakatatandang anak na si Ojie. Naramdaman nila ang galit at sakit. Napaiyak sa pagbuhos ng luha ng mag- ina dahil sa kalungkutang walang tiyak na ama ang pamilya na masasandalan sa panahon ng kahirapan at kaligayahan.

Sa "Bayaning Third World" isang katotohanan na masakit para sa mga mag- aaral nang binaril si Rizal na hindi man lang binigyan ng pagkakataong ipagtanggol ang kanyang sarili hinggil sa mga paratang sa kanya na opinyon ng pag- aalsa.

**Ang Epekto/ Dating ng Limang Pelikula sa Bisa Batay sa Pangkaasalan**

Inilahahad sa Talahanayan 2C kinalabasan ng pagsusuri sa mga pelikula. Isinagawa ang paglalahad ng mga datos sa pamamagitan ng pagsagot ng mga katanungan na inihanda ayon sa bisang pangkaasalan . Ang mga katanungan ay: Anong ginintuang- aral ang iyong natutunan? Sa iyong palagay, anong pagbabago ang naganap sa iyong pagkatao? Ano kaya ang epekto ng mga aral sa kapwa mag- aaral? Magbigay ng sariling pamatnubay na magiging gabay ng mga kabataan.

**Talahanayan 2C : Epekto/ Dating ng Pelikula Ayon sa Pangkaasalan**

| Epekto/ Dating ng Pelikula ayon sa: | Bata, Bata… Paano Ka Ginawa? | Bayaning Third World | Dekada' 70 | Ang pagdadalaga ni Maximo Oliveros | Tirador |
|---|---|---|---|---|---|
| Mga Tanong 1. Anong gintuang- aral ang iyong natutunan? | Pagmamahal sa isa't isa at panggalang sa kapwa gayundin sa pamilya. | Pagkakaroon ng paninindigan at hindi dapat husgahan ang kapwa. | Walang kapantay ang pagmamahal ng isang ina. Pagpapahalaga sa karapantang-pantao. | Paggalang at pagmamahal sa kapwa. | Habang may panahon, baguhin ang buhay sa maayos na paraan at huwag sayangin ang buhay sapagkat ipinagkaloob ng Diyos. |
| 2. Sa iyong palagay, anong pagbabago ang naganap sa iyong pagkatao? | Mas bukas ang isipan sa katotohanan at higit na pagmamahal sa ina at mga kapatid. | Na isipin rin ang kapakanan ng iba. | Magkaroon ng lakas ng loob na paninindigan ang pinaniniwalaan sa mahinahong usapan. | Lalo pang paigtingin ang samahan ng pamilya. | Pagbubutihin ang pag- aaral upang hindi na pa makaragdag sa suliranin ng lipunan. |
| 3. Ano kaya ang epekto ng mga aral sa kapwa mag- aaral? | Magbigay kabatiran sa bawat isa, magsilbing pamatnubay sa iba't ibang sitwasyon ng buhay at kahalagahan sa pamilya. | Ang pagiging mapanuri at magpahalaga sa mga nagawa ng iba. | Magsilbing patnubay ito sa katotohanan ng buhay at pagtanggol sa sarili. | Maging bukas ang isipan sa mga taong tulad ni Maximo na tanggap ng lipunan. | Sadyang mainam na maging mulat sa katothanan sa buhay upang matutong humanap ng kaukulang solusyon sa mga suliranin na posibleng maranasan ng bawat isa. |
| 4. Magbigay ng sariling pamatnubay na magiging gabay ng mga kabataan. | Sa pagdedesisyo n isipin kung ano ang higit na makabubuti sa mga anak at kung paano maging bukas ang isipan sa iba't ibang siwasyon sa buhay. | Bilang isang malayang mamamayan at taglay ang ilang mga karapatan ay dapat itong pahalagahan at huwag abusuhin ang kalayaan na ipinagkaloob. | Magsalita upang marining ang mga hinaing na makabubuti sa bayan sa maayos na usapan. | Igalang ang ating kapwa maging sino o ano man siya. | Magtulungan at iwasan ang gumawa ng kasamaan. |

**"Bata, Bata… Paano Ka Ginawa?"**

Pagmamahal sa isa't isa at paggalang sa kapwa gayundin sa pamilya ay ang magandang asal na napulot ng mga mag- aaral. May pagbabagong naganap sa kanilang sarili na maging bukas ang isipan sa katotohanan at higit na pagmamahal sa ina at mga kapatid at magbigay kabatiran sa bawat isa, magsilbing pamatnubay sa iba't ibang sitwasyon ng buhay para sa kapakanan ng pamilya. Na sa bawat pagdedesisyon isaisip, kung ano ang higit na makabubuti sa pamilya. Kung ang lahat na ito ay taglay ng bawat isa tunay na mamumuhay nang tahimik at masaya ang bawat mag- anak.

**“Bayaning Third World”**

Magandang asal ang pagkakaroon ng sariling paninindigan sa buhay, at at ang hindi paghusga nang masama sa kapwa. Ito ang natutunan ng mga mag- aaral. Nauunawaan nila na bilang malayang mamamayan na taglay ang ilang karapatan, dapat itong pahalagahan at huwag abusuhin ang kalayaan na ipinagkaloob dahil ang bawat kalayaan ay may katapat na responsibilidad. Talaga naman kung ang bawat isa ay marunong magbigay, tumanggap at umunawa magkakaroon siya ng kapayapaan sa sarili.

**“Dekada ’70”**

Walang kapantay ang pagmamahal ng isang ina dahil walang hinihintay na kapalit at pagpapahalaga sa karapantang- pantao. Ito ang aral sa pelikula. Magsilbing patnubay ito sa katotohanan ng buhay at pagtanggol sa sarili. Magsalita upang marinig ang mga hinaing na makabubuti sa bayan sa maayos na usapan. Tunay na kung ang bawat isa ay makikinig at bukas sa anumang pagbabago, magiging daan ito ng mga pagbabago sa sarili, sa lipunan at sa bansa tungo sa kapayapaan at kaunlaran.

**“Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros”**

Paggalang at pagmamahal sa kapwa ang ginintuang aral na natutunan ng mga mag- aaral. Kung kaya lalo pang paigtingin ang samahan ng pamilya. Maging bukas ang isipan sa mga taong tulad ni Maximo para tanggapin ng lipunan. Igalang ang ating kapwa maging sino o ano man siya. Dapat tanggapin ang katotohanan na kung sino o ano man ang isang tao, ang bawat isa ay may sariling pagkakakilanlan at paniniwala. Wala namang mawawala kung tatanggapin sila bagkus nakadagdag pa ang mga ito bilang bahagi ng iyong pagkatao.

**“Tirador”**

Magandang aral ang napulot ng mga mag- aaral na habang may panahon baguhin ang buhay sa maayos na paraan at huwag sayangin ang buhay sapagkat ito ay ipinagkaloob ng Diyos. Dahil dito, napaghulo nila na dapat pagbutihin ang pag- aaral upang hindi makadagdag sa suliranin ng lipunan, na dapat maging mulat sa katotohanan sa buhay upang matutong humanap ng kaukulang solusyon sa mga suliranin na posibleng maranasan ng bawat isa. Magtulungan at iwasan ang gumawa ng kasamaan. Talaga naman kung bukal sa puso ng bawat isa na baguhin ang uri ng pamumuhay, masayang mamuhay siya na walang mga sagabal. At ang bawat sandali ng buhay ay isang kayamanan.

**Ang Epekto/ Dating ng Limang Pelikula sa Bisa Batay sa Panlipunan**

Inilahahad sa Talahanayan 2D, kinalabasan ng pagsusuri sa mga pelikula. Isinagawa ang paglalahad ng mga datos sa pamamagitan ng pagsagot ng mga katanungan na inihanda ayon sa bisang panlipunan. Anong suliraning panlipunan ang nangingibabaw sa pelikula? Paano mo bibigyan ng solusyon ang suliraning ito? Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na maging isang artista, anong papel ang iyong gagampanan? Ano ang iyong nais iparating sa
mga kabataan? Bilang isang kabataan, paano ka makatutulong sa iyong lipunan?

**“Bata,Bata… Paano ka Ginawa?”**

Nangingibabaw dito ang suliraning pampamilya kaugnay sa pagiging dalagang- ina dahil naapektuhan ang reputasyon ng isang babae, ang kanyang pamilya, ang kanyang mga anak at ang kanyang trabaho. Kaya dapat lamang

**Talahanayan 2D: Epekto/ Dating ng Pelikula Ayon sa Panlipunan**

| Epekto/ Dating ng Pelikula ayon sa: | Bata, Bata… Paano Ka Ginawa? | Bayaning Third World | Dekada’ 70 | Ang pagdadalaga ni Maximo Oliveros | Tirador |
|---|---|---|---|---|---|
| Mga Tanong<br>1. Anong suliraning panlipunan ang nangingibabaw sa pelikula? | Suliraning pampamilya. Kaugnay sa mababang pagtingin ng lipunan sa mga dalagang- ina. | Ang pag- aabuso sa kapangyarihan ng mga nanunungkulan na ang naapektuhan ay ang mamamayan. | Mga katiwalian at pag-aabuso sa kapangyarihan. | Tungkol sa mababa at masamang pagtingin sa isang bakla. | Kahirapan, pagnanakaw, pakikiapid, pandurukot at paggamit ng bawal na gamot. |
| 2. Paano mo bibigyan ng solusyon ang suliraning ito? | Pag- isipang mabuti ang bawat bagay na nais gawin upang hindi ito pagsisihan sa bandang huli. | Baguhin ang sistema ng pamamalakad sa pamahalaan at iboto ang karapat-dapat na manungkulan sa pamahalaan. | Iboto ang nararapat manungkulan sa bayan. | Bigyang-pagkakataon ang mga bakla na maipikita ang kakayahan. | Pagturo at pagbibigay mga nanunungkulan sa gobyerno ng pangkabuhayan gaya ng pagluluto ng ulam, pananahi, |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | pagtayo ng maliit na tindahan. |
| 3. Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na maging isang artista, anong papel ang iyong gagampanan? Ano ang iyong nais iparating sa mga kabataan? | Bilang isang ina upang maipakita kung papaano papalakihin sa wastong paraan ang mga anak. Hindi madali maging isang ina lalo pa may kanya-kanyang gusto ang mga anak. | Si Rizal dahil ang bawat isa ay maaring tularan at gayahin ang mga nagawa nito para sa bayan. | Maging pinuno ng bansa upang sa sariling pamamaraan ay mapuksa ang mga katiwalian at simulan ang pag-unlad ng bansa. | Magandang papel na gampanin ang pagiging bakla para maipakita ang kabutihan ng kalooban ng mga ito. | Pinuno ng bansa para makatulong sa pagbibigay ng mga pangkabuhayan sa mga mamamayan na nangangailangan ng tulong at suporta. |
| 4. Bilang isang kabataan, paano ka makatutulong sa iyong lipunan? | Sa pamamagitan pagpapakita ng pagmamahal at paggalang sa mga magulang at kapatid na sa simple pamamaraan na magsisilbing halimbawa sa kapwa para mapanatiling payapa ang lipunan sapagkat nasa pamilya nagsisimula ang kapayapaan ng isang bansa. | Mag- aral nang mabuti at magtapos ng pag-aaral at ibahagi ang mga natutunan sa kapwa at sumunod sa batas. | Lumahok sa mga gawaing pangkomunidad na makatutulong sa kapwa. | Maging bukas ang isipan sa kapakanan ng mga bakla at tandaan na sila ay tao rin. | Mag- aral at magsikap na makatapos ng pag- aaral at gumawa ng mga proyektong pangkabataan na magagamit sa pangkabuhayan na makatuutulong sa pamilya at sa lipunan. |

pag- isipan ng maraming beses bago gawin ang isang bagay. Dahil dito, gustong gampanan ng mga mag- aaral bilang artista, ang papel ng isang ina para maipakita ang iba't ibang papel na ginagampanan niya para sa pamilya at maibahagi ang mensaheng nagsisimula sa pamilyang nagmamahalan ang kapayapaan ng lipunan.

**"Bayaning Third World"**

Ang pag- aabuso sa kapangyarihan ng mga nanunungkulan ang pangunahing suliraning panlipunan sa panahon ng Kastila. Sumasalungat dito si Rizal kaya nagalit ang mga Kastila, at hinuhusgahan siya ng walang kalaban-laban. Mabuti man ang hangarin niya, bigo pa rin siya.

Maaaring makatulong tayo sa pamamagitan ng pagtulong sa pagbago ng pamamalakad sa pamahalaan sa mapayapang paraan. Magandang gampanan ang papel ni Rizal pa maisapuso at tularan ang kanyang mabubuting halimbawa para sa mga Pilipino.

**"Dekada '70"**

Kitang- kita sa pelikula ang suliraning kaugnay sa mga katiwalian at pag-aabuso sa kapangyarihan. Isang katotohanan na talamak na sa buong kapuluan dapatwat kung ang bawat tao ay mapanuri lamang tiyak na maiiwasan pa rin kahit papaano ang mga taong mapang- abuso. Kaya dapat iboto ang nararapat manungkulan sa bayan upang sa sariling pamamaraan ay mapuksa ang mga katiwalian at simulan ang pag- unlad ng bansa. Lumahok tayo sa mga gawaing pangkomunidad na makatutulong sa kapwa. Tunay na sa ganitong paraan maiiwasan at mababawasan pa rin ang mga pinunong mapang- abuso. May kasabihan nga na walang gagamit kung hindi magpapagamit. Walang maaapi kung hindi magpapaapi.

**"Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros"**

Nangingibabaw ang suliraning pampamilya kaugnay sa mababang pagtingin sa mga bakla. Para sa mga Pilipino salot ang bakla sa lipunan kaya mababa ang tingin nila dito. Karaniwang pinagtatawanan at nililoko. Para sa mga mag- aaral magandang gampanan ang papel ng isang bakla para maipakita ang kabutihan ng kalooban at itanim sa isip ng mga tao, na ang bakla ay tao tulad nila.

**"Tirador"**

Ipinapakita sa pelikula ang talamak na kahirapan, pagnanakaw, pakikiapid, pandurukot at paggamit ng bawal na gamot na lantad na lantad sa ating lipunan kahit sa kasalukuyan. Masosolusyunan lamang ito kung magtulungan ang pamahalaan at mamamayam sa pagpuksa nito at bilang mga mag- aral magsikap na makatapos ng pag- aaral at gumawa ng mga proyektong pangkabataan na magagamit sa pangkabuhayan na makatuutulong sa pamilya at sa lipunan. Iwasan ang kumapit sa patalim sapagkat ang kaginhawaang tinatamasa sa ganitong paraan ay panandalian lamang. Higit na makabubuti na maghanap at matuto ng mga iba't ibang uri ng pangkabuhayan na maayos at pang matagalan, iyong walang tinatakbuhan o iniiwasan para maging payapa ang isipan at mabuhay nang marangal .

Ang pangkalahatang pagbubuod ay nagbubunyag na malakas ang dating o epekto ng limang pelikula sa mga mag- aaral/ manonood ayon sa pangkaisipan, pandamdamin, pangkaasalan at panlipunan dahil ang mga kwento ay naglalarawan sa buhay ng mga Pilipino, mayaman man o mahirap, nagkakasala ang tao subalit natututong magbago, nakararamdam ng sakit at sarap ng buhay, nagiging pabaya gayun pa man pilit na lumalaban at umaahon dahil nananaig sa sarili ang pagbabago, pagmamahal sa kapwa at pagtutulungan sa pamilya at sa lipunan.

**Mga Natuklasan**

Sa mga kahalagahang pangkatauhang siniyasat sa limang pelikula, maliwanag na maliwanag na ipinakikita ang mga kahalagahang- pangkatauhang paggalang sa mga magulang, pag- ibig sa mga kapatid, pagrespeto sa kapwa, katotohanan, pananagutan sa magulang at pagmamalasakit. Makikita ito sa mga pelikula na, " Bata, Bata.. Paano ka Ginawa? " , " Bayaning Third World", " Dekada '70", at " Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros", dahil nakasentro ang kwento ng mga pelikulang nabanggit sa pamilya at bayan.

Batay sa epekto/ dating ng limang pelikula sa mga manonood ayon sa bisang pangkaispan, pandamdamin, pangkaasalan at panlipunan nag- iiwan ang mga ito ng mga kaisipang nagdagdag ng kaalaman ng mga manonood at nagbago ng kanilang pananaw sa buhay; tuminag sa puso't damdamin nila dahil sa iba't ibang pangyayari sa buhay na nagdulot ng saya, lungkot, galit at habag; nagbigay ng mga aral na maging batayan ng kanilang asal; at naglalarawan ng iba't ibang mukha ng buhay na sanhi ng mga suliraning panlipunan ng mga Pilipino.

## III. KONGKLUSYON

Mabisang instrumento ang isang pelikula na napapalooban ng mga isyung panlipunan dahil humahamon ito sa kaisipan ng mag- aaral upang lalong umunlad at yumaman. Malinaw na naglalarawan ng mga kahalagahang – pangkatauhan, nag- iiwan ng mahalagang tatak na pangkaisipan, pandamdamin, pangkaasalan at panlipunan Nagpapahiwatig na ang bawat pelikulang Pilipino na ginagawa ng iba't ibang direktor ay mapupulutan ng aral, nagpapatinag ng damdamin na huhubog sa katauhan ng mga mag- aaral.

**Rekomendasyon**

A. Batay sa mga natuklasan at kongklusyon napagpasyahan ng mananaliksik ang sumusunod na mungkahi.
1. Magsilbing isang hulwaran ang ginawang pag-aaral para sa pagtuturo ng wika at pantikan gamit ang mga pelikula upang malinang ang kaalaman at kakayahan.

2. Ganyakin ang mga mag- aaral na manood ng mga pelikulang Pilipino na nagpapayaman ng kanilang pag-unawa, pagpapahalaga at paghuhusga.
3. Gumamit ng ilang mga kagamitang medya at makabagong teknolohiya na makatutulong sa madaliang pagkatuto ng mga mag- aaral.
4. Mgasagawa ng iba't ibang kasanayan na susukat sa sariling kakayahan.

B. Para sa gagawa ng mga kaugnay na pag- aaral, inirerekomenda ang sumusunod:
1. Kabisaan sa Paggamit ng mga Pelikula Bilang Kasangkapan sa Pagkatuto
2. Sosyal Isyu sa mga Pelikula: Isang Pag- aaral
3. Kahalagang- pangkatauhan: Mga Pelikulang Nagwagi sa Gawad Urian
4. Historikal na Analisis sa mga Pelikulang Nagwagi sa Gawad Urian

## SANGGUNIAN


[1] Alegre, Ediberto N. 1994.**Pinoy na Pinoy! Essays on National Culture**. Pasig, Metro Manila, Philippines: Anvil Publishing, Inc.

**[2]** Arrogante, JoseA. 1991.**Mapanuring Pag- aaral ng Panitikang Filipino**.Manila,Philippines: National Book Store, Inc.

[3] Carpio, Rustica. 1991. **Ang Panitikang Pilipino: Mga Problema at Solusyon**. Quezon City, Philipines. National Book Store.

**[4]** Cariño, Isidro D. and Amor B. Peñalosa. **Filipino Boys and Girls**. Quezon City: Cacho Hermos, Inc.

[5] Cohen, Marshall and Gerald Mast. 1979. **Film Theory and Criticism**.Oxford: Oxford University Press, Inc.

[6] Conder, Pit S. 1981. **Error Analysis and Interlanguage**.Oxford: Oxford University. Gonzales, Lydia F.et. al.**Panitikan sa Filipino ( Pandalubhasaan** ) . Quezon City, Philippines. Rex Book Store Inc.1982.

**[7]** Leyson, Lededica D. at Montera, Godfrey G. 2005. **Malikhaing Pagsulat.** Cebu City, Philippines: Cebu Normal University.

[8] Lee, Ricky. 2001. **Script Writing Manual trip to Quiapo**. Quezon City, Philippines: Bagong Likha Publishing.

**[9]** Lumbera,Bienvenido. 1997. **Revelation:Essays on Philippine Literaturure, Cinema and Popular Culture**. Manila, Philippines: University of Sant TomasPublishing House.

[10] Lupdag, Anselmo D.1984. **Educational Psychology**. Bono Ave. Mandaluyong City, National Book Store Inc.

**[11]** Magno, Orlando B. 1987. **Pagbasa at Pagsulat ng Iba't IbangDisiplina**. Cebu City, Philippines: RDC Educational Services.

[12] Nicasio, Paz N. et. al. 1985. **Sariling Panitikan**. Manila, Philippines: Rex Book Store.

[13] PanganibanVilla J. et. al.1992. **Panitikan ng Pilipinas BinagongEdisyon**.Manila, Philippines. Rex Book Store.

[14] Ramos, Maria, et.al.1980. **Panitikang Pilipino**. Quezon City, Philippines: Katha Publishing.

[15] Reyes Manny. 1991. **Malikhaing Pelikula**. Makati, Philippines: Media Plus.

[16] Soriano, Robert F. 2000. **Aspects of Film Production**. Quezon City. Booklore Publishing Corp.

[17] Santiago, Erlinda M. et. al. 1989. **Panitikang Filipino, Kasaysayan at Pag- unlad Pangkolehiyo**. Quezon City.Philippines: Rex Book Store, Inc.

[18] Sobhack Thomas and Vivian C. Sobchack. 1980. **An Introduction to Film**.Canada: Little Brown & Company.

**[19]** Thompson, Kristin and David Bordwell. 1984. **Film history: An Introduction**. U.S.A.: MacGraw-Hill, Inc.

[20] Tumangan, Alcomtiser, Sr. P. et. al. 1990. **Panitikan ng Pilipinas Para sa Kolehiyo**. Quezon City, Philippines: National Book Store, Inc.

[21] Tumangan, Alcomtiser, Sr. P. et. al. 1986. **Sining ng Pakikipagtalastasan**. Manila, Philippines: Rex Book Store, Inc.

[22] Villafuerte, Patrocinio V. 2000. **Panunuring Pampanitikan ( Teorya at Pagsasanay)**. Valenzuela City. Philippines: Mutya Publishing House.